

APPLICATION

- Ikwento sa amin kung kailan at paano ka nagpasyang sumunod kay Jesus. Simula noong ginawa mo ito, ano ang naging kahulugan nito para sa iyo?
- Sa buhay mo, saang bahagi ka nahihirapang sumunod kay Jesus? Sa tingin mo, paano mo magagawang talikuran ang karaniwang daloy ng kaisipan ng mga tao?
- Naniniwala ka bang si Jesus ang *“Banal na sugo ng Diyos”* at nasa Kanya ang *“mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan”*? Paano maaapektuhan ng paniniwalang ito ang pang-araw-araw mong pamumuhay?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa imbitasyon ni Jesus na sumunod sa Kanya. Ipanalangin na magawa mong sumunod sa Kanya kahit pa hindi mo ito (o ng iba pang tao sa paligid mo) nauunawaan.
- Ipahayag ang pagtitiwala at pananampalataya mo kay Cristo bilang *“Banal na sugo ng Diyos.”* Ipanalangin na mas makikilala at mas mamahalin mo Siya sa bawat paglipas ng mga araw.
- Ipanalanging sumunod din sa Kanya ang mga kamag-anak at kaibigan mo na hindi pa nakakakilala kay Jesus at hindi pa sumusunod sa Kanya.

DESIGNED FOR
Relationships

Sumunod kay Jesus

WEEK 2

WARM-UP

- Balikan ang isang panahon na parang *rollercoaster* ang naging emosyon mo. Ano ang nangyari?
- Kadalasan ba ay sumusunod ka lang sa kung ano ang nangyayari, o ikaw ang gumagawa ng sarili mong landas? Magkwento ng isang pangyayari na nagpapakita nito?
- Sino ang isang taong susundin mo na lang nang hindi pinag-iisipan—walang tanong-tanong? Bakit?

WORD ⁶⁶Mula noon, marami sa mga tagasunod niya ang tumalikod at hindi na sumunod sa kanya. ⁶⁷Kaya tinanong ni Jesus ang 12 apostol, “Kayo ba, gusto rin ninyong umalis?” ⁶⁸Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Kayo lang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. ⁶⁹Sumasampalataya kami sa inyo at alam naming kayo ang Banal na sugo ng Diyos.” **JUAN 6:66-69**

(Basahin din ang **JUAN 6:53-61**.)

Simula pa sa umpisa, itinakda na ng Diyos na magkaroon tayo ng ugnayan sa Kanya. Nagsisimula ito sa pagsunod kay Jesus—ang pinakamahalagang desisyon na magagawa natin sa ating mga buhay. Ito rin ang pinakamahirap na desisyon. Sa Juan 6, makikita natin kung paano tinalikuran ng mga tao si Cristo, habang ang iba naman ay patuloy na sumunod sa Kanya. Kakatapos lang pakainin ni Jesus ang 5,000 na mga tao at ituro sa kanila ang isang mabigat na katuruan (Juan 6:60). Tayo rin ay tinawag para sumunod kay Jesus, kahit pa mahirap ito gawin at hindi ito ginagawa ng iba. Mula sa talatang ito, ano ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus?

1 Ang pagsunod kay Jesus ay nagsisimula sa kagustuhang makilala at maunawaan Siya.

⁶⁰Nang marinig iyon ng mga tagasunod ni Jesus, marami sa kanila ang nagsabi, “Mabigat ang itinuturo niya. Sino ang makakatanggap nito?” ⁶¹Kahit na walang nagsabi sa kanya, alam ni Jesus na nagbubulung-bulungan ang mga tagasunod niya dahil sa mga itinuro niya. Kaya sinabi niya sa kanila, “Hindi ba ninyo matanggap ang mga sinabi ko?” **JUAN 6:60-61**

Ano ang ibig sabihin ni Jesus tungkol sa pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo? Paano ba ito dapat gawin ng Kanyang mga disipulo? Madali silang sumuko at basta na lang nagpasya na mabigat na ang katuruang sinasabi ni Jesus. Dahil dito, umalis sila. Ang totoo, ang pagsunod kay Jesus ay hindi laging madaling maintindihan dahil limitado lang ang pang-unawa natin. Kahit na hindi natin nauunawaan ang mga pangyayari sa likod ng mga itinuturo ni Jesus, dapat tayong magpatuloy sa pagkilala at pagsunod sa Kanya. Ano ang isang katuruan ni Jesus na mahirap tanggapin para sa iyo?

2 Ang pagsunod kay Jesus ay maaaring mangahulugan ng pagtalikod sa karaniwang ginagawa ng mga tao.

⁶⁶Mula noon, marami sa mga tagasunod niya ang tumalikod at hindi na sumunod sa kanya. ⁶⁷Kaya tinanong ni Jesus ang 12 apostol, “Kayo ba, gusto rin ninyong umalis?” **JUAN 6:66-67**

Hindi lahat ng tao ay susunod kay Jesus. Hindi lahat ay magpapatuloy sa pagsunod sa Kanya. Hindi lahat ay aayon sa desisyon mong sumunod kay Jesus. Kapag nangyari ito, magpapatuloy ka ba sa pagsunod sa Kanya? Habang ang iba ay tumatalikod na sa Kanya, nawa ay magpatuloy tayong gawin kung ano ang tama, kahit pa mangangahulugan ito ng paglaban sa karaniwang pag-iisip ng mga tao. Sa tingin mo, bakit tinanong ni Jesus ang labingdalawa Niyang disipulo kung gusto rin ba nilang iwan Siya? Bakit mahalaga para kay Jesus na itanong ito sa kanila?

3 Ang pagsunod kay Jesus ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanya at sa Kanyang salita.

⁶⁸Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Kayo lang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. ⁶⁹Sumasampalataya kami sa inyo at alam naming kayo ang Banal na sugo ng Diyos.” **JUAN 6:68-69**

Malamang ay hindi naunawaan ni Simon Pedro at ng labing-isa pang mga disipulo ang lahat ng mga itinuro sa kanila ni Jesus, at nakita nila ang pagtalikod ng iba kay Cristo. Ngunit alam ni Simon Pedro na wala na silang iba pang mapupuntahan. Naniwala sila kay Jesus at sumunod sila sa Kanya dahil sa kung sino Siya. Kahit pa marami tayong hindi naiintindihan sa buhay o sa pananampalataya natin, maaari tayong magtiwala kay Jesus na nagtataglay ng “mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan.” Naniniwala at sumusunod tayo sa Kanya kahit pa naguguluhan, nasasaktan, o nagdurusa tayo. Magkatulad ba kayo ni Simon Pedro ng nararamdaman at naiisip? Bakit?

Kung ang mga disipulong umalis ay nagpatuloy lamang kay Jesus at naghangad na maunawaan ang mga sinabi Niya, malalaman sana nila na ang pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanya (Juan 6:27-29, 35, 40, 47). Kapag nakakaranas tayo ng mga katuruan at mga bagay na mahirap maunawaan, patuloy pa rin tayong magtiwala kay Jesus at maghangad na gabayan Niya tayo.